# *Aral Mula sa Sermon ni Jesus sa Bundok Yugto 73*

***"25 Makipagkasundo ka agad sa iyong kaalit, samantalang ikaw ay kasama niya sa daan; baka ibigay ka ng kaalit mo sa hukom, at ibigay ka ng hukom sa punong kawal, at ipasok ka sa bilangguan. 26 Katotohanang sinasabi ko sa iyo, Hindi ka aalis doon sa anomang paraan, hanggang hindi mo mapagbayaran ang katapustapusang beles." (Mateo 5:25-26 KJV)***

Ipapatuloy natin sa mensaheng ito ang pag aaral ng karagdagang pagsasagawa para sa Salita ni Jesus, na kapag hindi mo nabayaran ang nararapat sa Dios o sa mga taong idirekta ka sa mas mataas o susunod na antas ng awtoridad para harapin ang iyong maling gawain. Ang mga may kapangyarihan na inilagay ng Dios sa lupa ay ang pamilya, ang simbahan, ang mga tanggapan sa pamahalaan. At sila'y tinawag upang harapin ang mga kasalanan ng mga tao, at kapag binigo ng mga awtoridad ang Dios at pinabayaan ang kanilang mga pananagutan ang Panginoon ang papalit ang ipapadala ang Kanyang poot.

***5. Hindi pagbabayad sa nararapat sa ating mga manggagawa: "1 Mga panginoon, gawin ninyo sa inyong mga alipin ang matuwid, at katampatan; yamang nalalaman ninyo na kayo naman ay mayroong ding isang Panginoon sa langit." (Colosas 4:1 KJV) "9 At kayong mga panginoon, gayon din ang inyong gawin sa kanila, at iwan ninyo ang mga pagbabala: yamang napagaalaman na ang Panginoon nila at ninyo ay nasa langit, at sa kaniya'y walang itinatanging tao." (Epeso 6:9 KJV)*** Dito ang Dios ay pinapayuhan ang mga panginoon na matakot sa Dios at ibigay sa kanilang mga manggagawa ang nararapat sa kanila, at huwag bantaan sila at tratuhin silang masama, pinapaalalahanan sila na sila'y mayroong panginoon sa Langit, na walang paggalang sa tao at maaring hatulan Niya sila kung aabusuhin nila ang kanilang mga manggagawa. Sinasabi rin sito ng Dios sa kanila na ibigay ang nararapat sa kanila at kung anong pinagkasunduan nila at tratuhin sila ng matuwid nang sinabi Niya, ***"gawin ninyo sa inyong mga alipin ang matuwid, at katampatan."*** Ipinapaalala sa kanila ng Panginoon na huwag gamitin ang kanilang kapangyarihan upang bantaan ang kanilang mga manggagawa nang sinabi Niya ***"iwan ninyo ang mga pagbabala.";*** na dapat silang maging matiyaga at huwag guluhin at pahirapan ang mga nasa ilalim nila. Malamang ang kapanyarihan na gagamitin ng mga panginoon upang magbanta, ito'y buhat sa salapi, at ang mga kakayahan nito, gagamitin nila ito upang takutin ang mga mahihirap at walang kapangyarihan.

Si Santiago ay nagbabala pa sa mayayamang tao na mga panginoon ng mga manggagawa, na kailangan nilang ibigay sa kanilang manggagawa ang nararapat para sa kanilang sahod at karapatan, at binabalaan sila na ang kanilang mga kayamanan ay mabubulok kung ipagkakait nila ang karapatan ng kanilang mga manggagawa. Ating basahin ang kanyang sinulat: ***"1 Magsiparito ngayon, kayong mayayaman, kayo'y magsitangis at magsihagulhol dahil sa mga karalitaan ninyong sa inyo'y darating. 2 Ang inyong mga kayamanan ay mga bulok, at ang inyong mga damit ay nginangatngat ng tanga. 3 Ang inyong ginto at ang inyong pilak ay kinakalawang na; at ang mga kalawang na ito ay siyang magiging patotoo laban sa inyo, at gaya ng apoy na lalamunin ang inyong laman. Kayo'y nagtipon ng inyong mga kayamanan sa mga huling araw. 4 Narito, ang kaupahan ng mga manggagawa na nagsiani sa inyong mga bukid, na iniring ninyo sa pamamagitan ng daya, ay humihibik: at ang mga hibik ng mga nagsiani ay nagsipasok sa mga pakinig ng Panginoon ng mga hukbo. 5 Kayo'y nangabuhay ng tamasa sa ibabaw ng lupa, at nangagalak; inyong pinataba ang inyong mga puso sa araw ng Patayan. 6 Inyong hinatulan, inyong pinatay ang matuwid; hindi niya kayo nilalabanan." (Santiago 5:1-6 KJV)***

***"1 Magsiparito ngayon, kayong mayayaman, kayo'y magsitangis at magsihagulhol dahil sa mga karalitaan ninyong sa inyo'y darating." (Santiago 5:1 KJV)*** Nagbabala si Santiago sa mayayaman na sila'y magsisitangis sa pamamagitan ng mga paghihirap at kaguluhan na darating sa kanila para sa mga kasalanan na kanilang ginawa sa pagkuha ng karapatan ng mga dukha. May mga mayayamang tao na inilalaan nila ng higit sa pagkain, pagdiriwang, pagbibigay ng mga regalo, ngunit pinaluluwat nila ang pagbibigay ng mga kaupahan sa kanilang mga empleyado. Ang minsan na hindi ka nagbabayad sa kung anong nararapat sa iba kundi inilalaan mo sa ibang bagay na hindi mahalaga; magsisi doon na ang gayon ay kasalanan.

***"2 Ang inyong mga kayamanan ay mga bulok, at ang inyong mga damit ay nginangatngat ng tanga. 3 Ang inyong ginto at ang inyong pilak ay kinakalawang na; at ang mga kalawang na ito ay siyang magiging patotoo laban sa inyo, at gaya ng apoy na lalamunin ang inyong laman. Kayo'y nagtipon ng inyong mga kayamanan sa mga huling araw." (Santiago 5:2-3 KJV)*** Sinasabi Niya sa kanila na ang kanilang kayamanan ay maapektuhan at mawawala sa pamamagitan ng mga salot ng Dios, dahil sa pagmamalabis sa mga dukhang manggagawa at pagkakait sa kanilang mga upa. Ang kanilang mamahaling damit na isinusuot ng mayayaman ay maapektuhan at ngangatngatin ng mga tanga at sisirain at hahayaan ng Dios iyo bilang kaparusahan sa kanila. Ang mga damit sa panahon ng pagsusulat ng Bibliya ay mahalagang bagay. Ang mga nagpako kay Jesus kinuha nila ang isinuot niya sa paghahati-hati ng Kanyang kasuotan at pinagsalaparan nila ang Kanyang kasuotan. Bakit ito mamahalin? Dahil ang lahat ay gawa sa kamay at walang makina sa panahong iyon upang gumawa ng tela. Kaya ito ay mamahalin at higit pa kung ito ay sutla o lila na mataas ang halaga.

Hindi lamang sa kanilang mga kasuotan pati na rin ginagawa ng Dios ang katulad sa mayayamang tao patungkol sa kanilang ginto at pilak ay kakalawangin na ibig sabihin alinman sa:

- Ang peste na unti-unting kumakain ng mga bagay na itinatanim o nakakahawa at pumapatay sa mga hayop at baka.
- Salot na kumakalat at sumisira tulad ngayon sa COVID 19.
- Kanser na kumakalat at sumasalakay sa iba't ibang bahagi ng katawan at nagdudulot ng sumusulong na kapansanan at sa huli'y kamatayan.
- Pagpaparusa ito ay nangangahulugang sinunog ang mga bukid na ang lahat ng mga pananim ay natupok ng apoy

Ang kanilang mga ginto at pilak ay kakalawangin din na nangangahulugang naagnas, at oksihenasyon na kinain ng metal. Ang purong ginto ay hindi kayang maagnas ngunit kung ito'y maagnas ibig sabihin ang kamay ng Dios ay laban dito. Ang lahat ng masamang epektong ito at pagbabago ay magaganap bilang saksi laban sa kanilang kasamaan at pagmamalabis na kanilang ginawa sa mga tao na nagtatrabaho sa kanilang Negosyo. Ang kanilang iniipon na mga kayamanan ay dadalhin sa pagkawasak at iyon ang kanilang parusa sa huli. Binabalaan sila ni Santiago, na kung hindi sila magsisisi, mawawala sa kanila ang nakuha nila sa hindi tapat na paraan, at higit pa rito ay magtatapos sila sa apoy ng impierno. Bakit? Basahin natin:

***"4 Narito, ang kaupahan ng mga manggagawa na nagsiani sa inyong mga bukid, na iniring ninyo sa pamamagitan ng daya, ay humihibik: at ang mga hibik ng mga nagsiani ay nagsipasok sa mga pakinig ng Panginoon ng mga hukbo." (Santiago 5:4 KJV)*** Dahil itinago nila ang kaupahan ng mga manggagawa na umani ng kanilang bukirin; ipinagkait nila ito sa kanila sa mapanlinlang na paraan sa pamamagitan ng pagpapahayag ng pagkalugi. Ngunit ang katotohanan ay ginamit nila ito para sa ibang layunin para gastusin sa kanilang mga kasiyahan, at iyon ang naging dahilan upang ang mga mahihirap na manggagawa ay sumigaw sa Dios para sa kanilang mga karapatan at kanilang pinagpagalan na karapat dapat sa sahod na kanilang pinagkasunduan, ngunit ang mayayaman ay ipinagkain sa kanila at ginastos sa kanilang sarili at sa kanilang mga kasiyahan. Kaya naman sila'y nanangis sa Dios at ang kanilang pagtangis ay nakaabot sa Langit at isinaalang alang ng Dios ang kasalanan ng mayaman patungo sa mga dukkha at hinatulan sila. Higit pang ipinaliwanag ni Santiago ito sa Deutronomio: ***"15 Sa kaniyang kaarawan ay ibibigay mo sa kaniya ang kaniyang kaupahan, ni huwag lulubugan ng araw (sapagka't siya'y mahirap, at siyang inaasahan ng kaniyang puso); baka siya'y dumaing sa Panginoon laban sa iyo at maging kasalanan sa iyo." (Deutronomio 24:15 KJV)*** Ang mahihirap na mga manggagawa ay nakasalalay sa kanilang kinikita sa araw na ilalaan nila sa kanilang mga pangangailangan. Kaya kapag hindi nila ibinigay ang kanilang kaupahan sila ay hindi kakain, kaya wala silang lakas para sa susunod na araw ng trabaho. Ano ang gagawin nila sa gutom na tiyan? Sila'y mananangis sa Dios sa Panginoon ng sabbath. Ang Panginoon ng sabbath ay ang Panginoon ng mga hukbo, ang Panginoon ng mga hukbo ng mga anghel at ang Panginoon ng lahat ng mga tao. Siya ang Makapangyarihan at kaya Niyang maghiganti sa mayayaman, at ibigay ang karapatan ng mga dukha.

Minsan kapag hindi mo napamahalaan ang iyong pananalapi at inilaan ang mga ito sa hindi kapakina-pakinabang na mga bagay o sa iyong mga kaluhuan pagkatapos hindi mo naibigay sa mga mangagawa na kinuha mo sa kung anong nararapat sa kanila, at hindi mo ibinigay sa pamahalaan, sa mga tao, sa simbahan at sa Dios ang nararapat sa kanila, at sa ganoon ikaw ay nagkakasala; kaya magsisi sa lahat ng mga iyon.

***"5 Kayo'y nangabuhay ng tamasa sa ibabaw ng lupa, at nangagalak; inyong pinataba ang inyong mga puso sa araw ng Patayan." (Santiago 5:5 KJV)*** Gumastos sila ng maayos sa kanilang sarili, walang habas at namumuhay sa kasiyahan, naghahangad ng maraming bagay na makakain at maiinom, mahusay na nabusog, mahusay na nasisiyahan sa mga hangarin ng kanilang mga puso, ngunit tinanggihan nilang bayaran ang mga mahihirap na manggagawa sa kanilang mga karapatan, Hindi lamang iyon, kundi hinatulan nila sila, pinatay ang matuwid at ang mga taong hindi lumaban sa kanila upang hindi ibigay ang kanilang mga karapatan o pagtakpan ang kanilang mga kasalanan na hindi ibigay sa kanila ang mga nararapat sa kanila, ***"6 Inyong hinatulan, inyong pinatay ang matuwid; hindi niya kayo nilalabanan." (Santiago 5:6 KJV)*** Dahil sa ganoong masamang mga gawa ang kaparusahan ng Dios ay darating sa kanila.

***"Inyong pinataba ang inyong mga puso sa araw ng Patayan."*** Kung anong kanilang tinanggap mula sa pagpapalayaw sa kanilang mga katawan mula sa kaupahan ng kanilang mga manggagawa na kanilang ipinagkait ay magiging mabuting paghahanda sa kanila na patayin gaya ng isang pinatabang hayop na inihanda at pinataba sa pamamagitan ng espesyal na pagkain at ihanda ito para patayin. Kaya ang kanilang inipon mula sa di makatarungan, pandaraya at pagnanakaw na paraan ay kukunin sa kanila, at ibibigay ayon sa pagpapasiya ng Dios sa mga taong nais Niyang pagbigyan.

Kahit ngayon mayroong maraming nagmamalabis sa nakaraan mula sa mayayamang tao na ipinagkait ang kanilang kaupahan at ang karapatan ng mga manggagawa, kaya naman ipinadala ng Dios ang COVID 19 at

nagdulot ng pagguho ng ekonomiya sa kung saan upang ayusin ang mga pananagutan ng mga mayayamang tao, upang kunin sa kanila ang mga kayamanan na kanilang kinita sa maling paraan, at ibinigay ito sinumang gusting pagbigyan ng Dios.

***6. Hindi pagbabayad ng ikapu nang buo at hindi pagdadala ng aming mga handog at ang mga unang bunga: "6 Sapagka't ako, ang Panginoon, ay hindi nababago, kaya't kayo, Oh mga anak na lalake ni Jacob ay hindi nangauubos. 7 Mula nang mga kaarawan ng inyong mga magulang kayo'y nangagpakaligaw sa aking mga tuntunin, at hindi ninyo tinalima. Manumbalik kayo sa akin, at ako'y manunumbalik sa inyo, sabi ng Panginoon ng mga hukbo. Nguni't inyong sinasabi, Sa ano kami manunumbalik? 8 Nanakawan baga ng tao ang Dios? gayon ma'y ninanakaw ninyo ako. Nguni't inyong sinasabi, Sa ano ka namin ninakawan? Sa mga ikasangpung bahagi at sa mga handog. 9 Kayo'y nangagsumpa ng sumpa sapagka't inyo akong ninakawan, sa makatuwid baga'y nitong buong bansa. 10 Dalhin ninyo ang buong ikasangpung bahagi sa kamalig, upang magkaroon ng pagkain sa aking bahay, at subukin ninyo ako ngayon sa bagay na ito, sabi ng Panginoon ng mga hukbo, kung hindi ko bubuksan sa inyo ang mga dungawan sa langit, at ihuhulog ko sa inyo ang isang pagpapala, na walang sapat na silid na kalalagyan. 11 At aking sasawayin ang mananakmal dahil sa inyo, at hindi niya sisirain ang mga bunga sa inyong lupa; ni malalagasan man ng bunga sa di panahon ang inyong puno ng ubas sa parang, sabi ng Panginoon ng mga hukbo, 12 At tatawagin kayo ng lahat na bansa na mapalad: sapagka't kayo'y magiging maligayang lupain, sabi ng Panginoon ng mga hukbo." (Malakias 3:6-12 KJV)*** Nagsasalita dito ang Dios sa Kanyang bayan kung paanong sila'y lumayo sa Kanya, ***"kayo'y nangagpakaligaw sa aking mga tuntunin,*** na para bang pinagnanakawan nila o nagnanakaw sa Dios, sa pamamagitan ng pagpigil sa kanilang mga ikapu at handog sa Dios. Sinasabi ng Dios sa kanila, ***"Manumbalik kayo sa akin, at ako'y manunumbalik sa inyo, sabi ng Panginoon ng mga hukbo. Nguni't inyong sinasabi, Sa ano kami manunumbalik?*** Hindi nila batid na ipinagkakait nila ang kanilang mga ikapu at handog sa Dios at sila'y lumayo sa Dios at kaya ang Dios ay lumayo din sa kanila. Bakit? Sapagkat nang ipinagkait nila ang pagbibigay ng kanilang mga ikapu, ang kanilang unang bunga, ang kanilang mga handog na naging dahilan upang ang mga Levita at ang mga seserdote na inakala na inaalalayan ng naturang tuntunin ng Dios ay iniwan ang kanilang mga tungkulin sa templo ng Dios at umalis para magtrabaho upang kumita ng ikabubuhay, at sa ganoong kalagayan ang bahay ng Dios, ang simbahan, ay naiwang napabayaan. Kaya ng sinabi ng Dios, ***"Kayo'y nangagsumpa ng sumpa sapagka't inyo akong ninakawan, sa makatuwid baga'y nitong buong bansa." (Malakias 3:9 KJV)*** Kapag ipinagkait mo ang nararapat sa Dios mula sa ikapu, unang bunga, at mga handog, ikaw ay apektado sa ilalim ng sumpa ng Dios dahil ninakawan mo ang Dios. Ikaw ay nasa ilalim ng hukom ng Dios at ikaw ay hinuli sa pamamagitan ng katarungan ng Dios at walang pagpapala na darating sa iyo hanggang maibalik mo sa Dios ang nararapat para sa Kanya. Paano mo itutuwid iyon? Sa pamamagitan ng pagbabalik ng iyong mga ikapu, mga unang bunga at mga handog sa Dios.

Sinabi ni Jesus, ***"At sinabi niya sa kanila, Kung gayo'y ibigay ninyo kay Cesar ang kay Cesar, at ang sa Dios ang sa Dios." (Lucas 20:25 KJV)*** Kailangan nating bayaran kung anong nararapat sa Dios at kung anong nararapat sa pamahalaan. Ang hindi pagdadala ng ating ikapu, handog at unang bunga sa kamalig ng Panginoon ay isa pang uri ng pagnanakaw. Literal na ninanakawan natin ang Dios.

Hinihiling din sa atin na huwag ipagpaliban na dalhin ang nararapat sa Dios: Basahin natin: ***"Huwag kang magmamakupad ng paghahandog ng iyong mga ani, at ng tulo ng iyong mga pigaan. Ang panganay sa iyong mga anak na lalake ay ibibigay mo sa akin." (Exodu 22:29 KJV)*** Dito itinuturo sa atin na huwag ipagpaliban na ibigay ang ating unang bunga sa Dios. Kailangan mong malaman na ang unang bunga ay iba sa ikapu. Kailangan nating dalhin ang ating ikapu, ang ating mga handog, at kailangan nating ibigay ang ating unang bunga sa Dios.

Maaring mong sabihin labis na, at Paano tayo nabubuhay? Nabubuhay tayo sa pamamagitan ng mga bukas na durungawan ng Langit. Kapag dinala mo ang iyong ikapu at ang lahat ng nararapat sa Dios ay bubuksan ng Panginoon ang mga durungawan ng Langit at pagpapalain ka na wala kang lugar upang panatilihin ang iyong mga pagpapala. Sinabi ng Dios ang tungkol doon upang patunayan ang pangakong ito ng Dios kapag ibinigay mo ang iyong ikapu sa Kanya, ***"10 Dalhin ninyo ang buong ikasangpung bahagi sa kamalig, upang magkaroon ng pagkain sa aking bahay, at subukin ninyo ako ngayon sa bagay na ito, sabi ng Panginoon ng mga hukbo, kung hindi ko bubuksan sa inyo ang mga dungawan sa langit, at ihuhulog ko sa inyo ang isang pagpapala, na walang sapat na silid na kalalagyan." (Malakias 3:10 KJV)*** Ipinangako rin ng Dios na sasawayin Niya ang mananakmal sa iyong buhay, ***"11 At aking sasawayin ang mananakmal dahil sa inyo, at hindi niya sisirain ang mga bunga sa inyong lupa; ni malalagasan man ng bunga sa di panahon ang inyong puno ng ubas sa parang, sabi ng Panginoon ng mga hukbo." (Malakias 3:11 KJV)*** * Bakit kailangan mong maging tapat na dalhin ang iyong ikapu ng buo sa Dios? Dahil mayroong pagtitiyak sa ganoon, dahil sasawayin ng Panginoon ang mga mananakmal na magiging salot na papatay sa mga baka mo at sisirain ang sinasaka mo, sakit, ginagastos mo sa gamot, pagpapanatili, hindi kinakailangang mga bayarin at mga paggugol, pagbayad sa buwis, mga multa, nawala ang pitaka mo, nawalan ka ng mobile, aksidnete sa sasakyan, mulata sa trapiko, nililoko ka ng mga tao, nagbabayad ka ng mataas na tubo, nangungutang ang mga tao sa iyo at hindi na

ibabalik, mga taong nagsasamantala sa iyo; magsimula ka ng negosyo at ito'y nalulugi, o nawalan ka ng trabaho, bumagsak sa mga pagsusulit, bumagsak sa lisensya ng pagmamaneho, o problema sa umaasa sa iyo na naging dahilan ng paggastos mo ng mas malaki, o ng iyong mahabang panahon mong pagtatrabaho, at sa huli wala kang kita, walang ipon at walang kapital o pensyon para sa sustento sa hinaharap. * Ang lahat ng halimbawang ito ay narinig ko sa mga taong hindi nagbibigay sa Dios ng nararapat sa Kanya at marami akong tunay na salaysay tungkol sa gayong mga tunay na pangyayari kaya tinuturuan ko ang mga tao na mag ikapu.

Ang susunod na mga dahilan ay kung bakit kailangan nating sumunod ngayon sa Dios at dalhin ang nararapat para kanya: *Una*, ang mabuhay at magpasaya sa durungawan ng langit, ilagay sa isip mo ang sahod mo ay hindi sapat ngunit kapag nagbigay ka ng iyong ikapu sa gayon ay bubuksan ng Dios ang durungawan ng Langit at magkakaroon ka ng kasaganaan at hindi mo malalaman kung saan mo ilalagay dahil sobra sobra ang mga ito, *Pangalawa*, mabubuhay ka nang walang mga peste at walang mga mananakmal, at *Pangatlo*, ang mga tao at ang mga bansang nakapaligid sa iyo ay makakasaksi na ikaw ay pinagpala ng Panginoon, ***"12 At tatawagin kayo ng lahat na bansa na mapalad: sapagka't kayo'y magiging maligayang lupain, sabi ng Panginoon ng mga hukbo." (Malakias 3:6-12 KJV)***

***Sa aking mahal at minamahal:*** Lumapit ngayon sa Panginoon sa pagsisisi pagkatapos mong marinig ang Kanyang Salita. Tungkol sa mga nag iikapu ngunit hindi ibinibigay ang kanilang unang bunga sa gayon ipangako ang iyong sarili sa Dios na gawin ito. Sa mga hindi nakarinig tungkol sa pagbibigay ng unang bunga o sa mga may katanungan tungkol dito, pakiusap hayaan naming malaman upang masagot ka namin at ipadala sa iyo ang katuruan. Ang mga hindi nag iikapu, ngayon ang panahon para sa iyo na magpasya na mag ikapu.
Kung iyong ipinagkakait ang kaupahan ng mga manggagawa na nasa ilalim mo sa gayon kailangan mong magsisi sa ganoon at simulang ibigay sa kanila ang kanilang naantalang karapatan at mga sahod. Ibigay ang nararapat sa mga tao, ibigay ang nararapat sa simbahan, ibigay ang nararapat sa mga tanggapan ng pamahalaan, at ibigay ang nararapat sa Dios bilang patunay para ng iyong pagsisisi at sa gayong paraan ikaw ay makipagpayaan sa Dios. Lumapit sa Panginoon at maging handang maglingkod sa Kanya sa pagtalima sa Kanyang mga utos na natutunan natin mula sa Kanyang Salita.

***Ang aking panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyong harapan sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, na inilibing at nabuhay na maguli mula sa mga namatay noong ikatlong araw upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon ako'y nagpapasalamat para sa iyong Saita na ipinakita sa akin ang mga bagay na kinakailangan kong gawin at ipangako ang buhay upang isagawa.*

*Ipagtapat ngayon ang iyong mga kasalanan at talikdan ang lahat ng iyong mga maling gawain. Talikdan ang iyong maling paggastos, at kawalan ng pagbibigay nang nararapat sa Dios, sa Kanyang simbahan, sa pamahalaan, at sa mga taong nakapalibot sa iyo at ang mga nagtatrabaho para sa iyo. Panginoon aking ipinagtatapat at tinatalikdan ang mga sumusunod na mga kasalanan* _______________.

*Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na tumalima sa mga utos na aking tinanggap ngayon mula sa mensaheng ito. Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na ibigay ang nararapat sa iyo mula sa ikapu, mga handog at unang bunga, at bayaran ang nararapat sa pamahalaan mula sa buwis, multa, at mga multa. Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na sumunod sa mga patakaran at mga tuntunin ng pamahalaan at ang nasa awtoridad. Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na maging isang mabuting halimbawa sa lahat ng mga aspetong ito upang ang iba ay sumunod at gawin ang katulad.*

*Panginoon salamat para sa aking mga kapatid na lalaki at babae na ipinangako ang kanilang sarili na ipamuhay ang kanilang buhay para sa iyo at paglingkuran ka. Panginoon gamitin ang kanilang buhay at ang kanilang mabuting patotoo na dalhin ang iba sa iyo. Panginoon pagpalain sila, protektahan sila at tustusan ang kanilang pangangailangan.*

*Panginoon pagpalain kami bilang isang simbahan at puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu at bigyan kami ng espirituwal na mga kaloob na magpatuloy at paglingkuran ka. Panginooon tulungan kaming mag evangelio at ituro ang iyong Salita at gumawa ng mga alagad at sanayin ang mga manggagawa at paging dapatin kaming magtanim ng bagong pag aaral ng Biblia at bagong mga kapisanan para sa simbahan. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong JesuCristo, at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Mga aral mula sa sermon ni Jesus sa bundok Yugto 73. Bayaran mo ang iyong mga trespasses. Mateo 5:25-26. Colosas 4:1. Efeso 6:9. Santiago 5:1-6. Deuteronomio 24:15. Malakias 3:6-12. Lucas 20:25. Exodo 22:29.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan

Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com